

# 1

Pagod na pagod si Toni. Ramdam na ramdam niya ang panunuot ng pagkahapo sa kanyang mga kalamnan habang isinusuksok niya ang susi sa seradura ng pinto.

*Ano ba'ng ikinakapagod mo?* tanong niya sa sarili. Hindi naman gaanong nakakapagod ang trabaho niya bilang kanang-kamay ng isa sa structural engineers ng *Harding, Inc.*, isang construction company sa Cebu.

*Iyon siguro ang problema,* naisip niya. Nandoon siya sa Cebu, namumuhay nang malayo sa kapamilya.

Malakas niyang ipinilig ang ulo upang palisin ang mga ideyang nagtatangkang sumiksik doon. At upang lalong maalis ang pansin sa nakakalungkot na alalahanin ay binalingan niya ang mga sulat na kinuha niya sa sisidlan ng liham sa gate ng inuupahan niyang bahay. Karamihan sa mga iyon ay patalastas lang o kung anu-anong anunsyong ibabasura lang niya. Malapit na siya sa ilalim ng salansan nang matigilan. Isang tingin lang sa return address na nakatala sa sobre ay alam na niya kung kanino galing iyon.

Napapikit siya. Nangyari na nga ang pinangangambahan niya. Natunton na siya. Kunsabagay, hindi na siguro siya dapat magtaka. Kapag ginusto ni Don Roberto ay tiyak iyong mangyayari. Bonus na ngang maituturing na inabot nang gayon katagal bago siya nahanap.

Kung titigan niya ang nakasarado pang sulat ay animo cobra itong tutuklaw sa kanya. Gusto niyang ibalibag pero parang nakadikit iyon sa kanyang kamay. Ibig niyang punitin ngunit tila gawa iyon sa bakal na hindi niya makuhang sirain.

*“Hindi ko kailangan ang isang kagaya mo.”* Iyon ang mga katagang ipinagdildilan ni Don Roberto sa mukha niya. Iyon ang mga katagang umuukilkil pa rin sa kanyang pandinig kahit magdadalawang taon na ang lumipas mula nang ipagsigawan iyon sa kanya. Iyon ang mga katagang dahilan kung bakit nandoon siya sa lugar na iyon at nagpupumilit magsimula ng panibagong buhay. Bakit ngayon ay hinanap pa siya?

*Kung di nila ako kailangan, hindi ko rin sila kailangan,* giit ni Toni sa sarili, kasabay ang pagsasaisantabi ng liham.

Tumayo siya at sinimulang ihanda ang kanyang hapunan. Pagkuwa’y pumasok siya sa silid at nagbihis ng pambahay. Ngunit kahit anong sikap niyang

kumilos nang normal, parang magnetong humihila sa kanyang pansin ang sulat.

Sa dakong huli ay hindi rin siya nakatiis. Bumalik siya sa sala at dinampot sa mesita ang sobreng naglalaman ng liham. Saglit niyang tinitigan iyon bago nanginginig ang mga kamay na ginilit ang dulo niyon.

*Na-stroke ang lolo mo. Hindi tiyak kung makakaligtas siya. Kinakailangang umuwi ka sa lalong madaling panahon, nakasaad doon.*

Kagyat na nanlambot si Toni kasabay ang panlalamig ng buong katawan. Hindi siya makapaniwala sa nabasa. Si Don Roberto, nasa bingit ng kamatayan? Parang hindi puwedeng mangyari iyon sa isang katulad ng kanyang lolo. Sa mga abang nilalang siguro, oo, pero hindi sa kagaya ni Don Roberto na larawan ng katatagan, kalakasan at kapangyarihan.

Kasunod niyon ay isang impit na hagulhol ang kumawala sa kanya. Bata pa siya ay ang Lolo Roberto na niya ang kanlungan. Mula nang mamatay sa pagbagsak ng eroplano ang mga magulang niya ay ito na ang tumayong ama at ina niya. Hindi puwedeng sumakabilang buhay ito nang hindi siya napapatawad.

*Sino na'ng namamahala sa kompanya?* Iyon ang katanungang sumunod na gumiit sa isip niya nang mahulasan siya. Siguradong hindi si Lola Caridad, ang nakababatang kapatid ni Don Roberto. Bukod sa likas na mahina ang katawan nito, wala itong alam gawin maliban sa pag-aasikaso sa katayuan ng angkang Guerrero sa alta-sosyedad. Maaari itong mag-organize ng isang engrandeng pagtitipon ngunit ang magpatakbo ng isang kompanyang pang-construction ay hindi abot ng kakayahan nito. Si Guillen kaya?

*Impossible.* Siya na rin ang sumagot sa sariling katanungan. Walang alam atupagin si Guillen kundi ang magpasosyal... at kalabanin siya. Napangiwi siya nang mabuhay sa alaala ang isang masagwang tagpong namagitan sa kanila ni Don Roberto....

“Nagpakahirap ang lolo ko para magtayo ng isang malagong negosyo. Itinaguyod ng ama ko ang nasimulan niya at pinalago ko naman ito sa pamamagitan ng pagsisikap, ng pagkuha sa pagtitiwala ng mga tao. Ngayon, ikaw—ikaw na wala pa ni katiting na naipuhunan sa kompanyang ito ay sisirain lang ang pagtitiwalang iyon dahil sa iyong kasakiman!” nanggagalaiting sigaw ng matanda. “Lumayas ka! Hindi ko na ibig makita ang pagmumukha mo sa bahay na ito. Get out!”

Iyon ang huling beses na nakita niya si Lolo Roberto dahil matapos ang tagpong iyon ay nilisan ng matanda ang malaking bahay at hindi ito umuwi nang mahigit isang linggo. Naisip ni Toni, malamang ay hinihintay nitong mawala muna siya roon bago ito bumalik. Ito ang nagbunsod sa kanyang lisanin na nga ang mansion para maghanap ng panibagong buhay.

Napapikit siya sa hapding dulot ng mga alaala. Hindi niya kayang patunayan ngunit nakakasiguro siya, may kinalaman si Guillen sa kasalanang ipinaparatang sa kanya ni Don Roberto. Ang kasalanang naging dahilan upang madawit sa malaking eskandalo ang apelyidong Guerrero. Panahon na ba ng pagtutuos? Parang may tinig na nagtanong niyon sa kanya.

*Hindi. Hindi ko dapat iniisip ang mga bagay na ito. Ang mahalaga'y ang makaligtas si Lolo. Ang importante'y malaman niyang mali ang akala niya sa 'kin, mariin niyang sabi sa isip. Pansamantala ay sisikapin niyang ibaon sa likod ng isipan ang masaklap na mga pangyayari.*

Humugot siya ng malalim na hininga saka binatak ang balikat. Kung siya lang ang tatanungin, ayaw na niyang bumalik pa sa pinagmulan, lalo at alam

niyang hindi pa siya pinapatawad ni Don Roberto. Ngunit pakiramdam niya ay kanyang tungkulin, hindi lang ang alamin ang kapakanan ng kanyang lolo, kundi upang isaayos ang kompanyang ipinundar ng kanyang ninuno.

---

“Toni, ikaw nga ba?” bulalas ni Angie nang mapagbuksan ang kumakatok. Hindi ito makapaniwala. Napakatagal nang naglahong parang bula ang kaibigan at sa loob ng panahong iyon ay wala ito ni isang balitang natanggap buhat sa kanya.

“Ako nga,” simpleng tugon ni Toni.

“Halika, pasok! Ginulat mo ’ko. I wasn’t expecting you. After all, it’s been what, two years?”

“Pasensya ka na kung di man lang kita nasulatan. Sinubukan ko talagang talikdan na muna ang lahat ng may kinalaman sa dati kong buhay.”

“Ba’t naipasya mong bumalik? N-nabalitaan mo ba ang tungkol sa....” Nag-alangan ito kung itutuloy ang sinasabi.

“Ang tungkol sa pagka-stroke ni Lolo? Oo, nabalitaan ko. To be more precise, may nagbalita sa ’kin,” aniya.

“Sino?”

“Hindi ko alam eksakto kung sino. Basta’t may nagpadala sa ’kin ng sulat; pinapauwi ako sa lalong madaling panahon.” Ilang saglit siyang natahimik. “K-kumusta na ang mga iniwan ko?” pagkuwa’y tanong niya matapos ang malalim na buntunghininga.

“Si Lola Caridad ay mas humina pa kesa dati. Nakita ko siya sa birthday party ni Guillen....” Natigil ito sa pagsasalaysay nang makitang nagtagis ang mga bagang niya pagkabanggit nito sa pangalan ng kanyang pinsan.

“Ang magaling kong pinsan, nagbago na ba?” mapakla ang himig na tanong niya.

“Yes, she’s changed. For the worse.”

Naikuyom ni Toni ang mga kamay sa pagragasa ng galit sa kalooban nang lumutang sa alaala ang larawan ng pinsan, ito na ginawa na yatang krusada ang kalabanin siya. Hindi niya napigilan ang silakbo ng poot nang maalala ang isang tagpong nangyari noong maliliit pa sila....

---

Pasko noon. Mula sa kusina ay narinig ni Toni na nag-uusap sina Don Roberto at Lola Caridad.

“Tawagin mo nga si Tacing. Ipapabalot ko ’tong regalo ni Toni,” anang matandang lalaki. “Ano sa tingin mo, magugustuhan kaya niya ’to? Aba, ako mismo ang pumili niyan. Nahirapan nga ako.”

“Kahit naman ano’ng ibigay mo sa batang ’yon ay magugustuhan niya,” sagot ni Lola Caridad.

Naintriga siya kaya pinagbuti niya ang pagsilip upang matanaw ang tinutukoy ng kanyang lolo. Gusto niyang mapahiyaw sa tuwa nang makita ang malaking manyikang tangan nito.

Nang walang anu-ano ay bumaba ng hagdan si Guillen. Bago makuhang itago ni Lolo Roberto ang manyika ay namataan na ito ng bata.

“Ang ganda, Lolo. Ang ganda-ganda!” anito. “Akin po ba ’yan?”

“Hindi, Hija. Meron ka ring sa ’yo. Ito’y para kay Toni,” sabi ni Don Roberto.

Kagyat na nangislap sa luha ang mga mata ni Guillen. Tahimik itong nanangis.

“Tahan na, Hija. Maganda rin ang ibibigay ko sa ’yo. Isang magarang bestida. Iyon ang hiniling mo noon, di ba?” ayo rito ng don.

“P-puwede na rin po. Salamat. Kaya lang....”



Humikbi-hikbi pa si Guillen. “Kaya lang g-gustong-gusto ko po ang manyikang ’yan. Matagal ko na nga pong pinapangarap na magkaroon ng ganyan kalaking manyika,” sisiguk-sigok nitong patuloy.

“Bakit hindi mo na lang sa kanya ibigay ang manyika, Roberto?” sabad ni Lola Caridad. “Ibili mo na lang ng iba si Toni.”

“Pero mamaya’y magbubukasan na ng regalo ang mga bata. Kawawa naman si Toni kung wala akong regalo sa kanya,” katuwiran nito.

“Sige po, Lolo, di bale na lang. G-gusto ko rin naman po ’yong damit,” ani Guillen sa tinig na nagpapaawa.

“Alam ko na, ’yong bestida na lang ang iregalo mo kay Toni. Tatal hindi naman niya alam na manyika ang ibibigay mo sa kanya,” sabi ni Lola Caridad.

Matagal natahimik si Don Roberto, halatang tutol ang kalooban sa mungkahi ng kapatid.

*Huwag po, Lolo. Gusto ko po ’yong manyika, tahimik na sabi ni Toni mula sa kanyang pinagkukublihan.*

“O siya, siya, tahan na, Hija. Sa ’yo ko na ibibigay ito,” bantulot na sabi ng don nang umalingawngaw ang impit na hagulhol ni Guillen sa sala.

Kagat ang labing napatungo na lang si Toni. Sa ikailang beses ay nagtagumpay na naman ang pinsan niyang makamit ang isang bagay na para sa kanya. Hindi niya mawari kung bakit ngunit parang misyon ni Guillen sa buhay ang lamangan siya.

Habang lumalaki sila ay maraming ulit na nangyari ang gayon. Nakaungos lang siya rito nang magpakita siya ng angking kakayahang umintindi ng mga bagay na may kalamayan sa construction. Isang bagay na hindi maintindihan at ayaw pagkaabalahan ni Guillen.

Ngunit kahit sa larangang iyon ay umandar pa rin ang kamandag ng pinsan niya.

---

Ipinilig ni Toni ang ulo upang mawala ang isipan sa nakaraan.

“Akala ko pa naman ngayong nasolo na niya ang atensyo’t kayamanan ni Lolo’y titino na siya kahit konti,” sabi niya kay Angie.

“Naku! Mukhang imposibleng mangyari iyon. Mas lumala pa nga ’ika mo.”

“Kaya nga ako napilitang bumalik. Bukod sa nag-aalala ako sa lagay ni Lolo, inaalala ko rin ang

kompanya. Baka habang nakaratay siya'y masalaula ito nang husto. Hindi ang kagaya ni Guillen ang puwedeng pagkatiwalaang magpatakbo ng *Guerrero Construction*.”

“I doubt very much kung siya ang aatasang magpatakbo ng kompanya.”

“Baka mapilitan sila, lalo't walang iba. Mahigpit na kagustuhan ni Lolo na pamilya lang ang hahawak sa kompanya.”

“So you're here to stay?”

“Yes, for the meantime. Kaya nga may ipapakiusap sana ako sa 'yo. Puwede bang dumito muna 'ko habang wala pang katiyakan ang lagay ni Lolo?”

“Dito? Ba't gugustuhin mong magtiyaga rito gayong may malaking bahay na naghihintay sa 'yo?”

“Hindi ko pa kayang bumalik doon habang hindi ko nalilinis ang pangalan ko. Isa pa, baka hindi ko mapigil ang sarili ko'y mapatulan ko si Guillen.”

“You're welcome to stay as long as you like. Paalis din naman ako, eh.”

“Paalis?”

“May kakausapin muna ako sa Baguio. Isang

business venture. Pagkatapos niyon ay magbabakasyon grande ako. I haven't had a vacation in three years, you know. At kapag natuloy ang pinaplano kong bagong negosyo'y mawawalan na ulit ako ng pagkakataong magpahinga. So, in a few days, you'll have this house to yourself."

"Thanks, Angie."

"Don't mention it. We're friends, remember? Feel at home, okay?" Sumulyap ito sa orasan. "I'd really like to stay and talk but I have to rush. May kliyenteng naghihintay sa 'kin. But I'll go home as soon as I can. Marami tayong dapat pag-usapan. Oh, by the way, there's food in the fridge. Magbungkal ka na lang doon. Like I said, feel at home."

"Salamat ulit," ani Toni.

Nang makaalis ang kaibigan ay tumawag siya sa pagamutan kung saan may pinanghahawakang stocks si Don Roberto. Tiyak niya, doon dinala ang matanda.

Siniguro lang niyang naroon nga ang abuelo at kung ano ang lagay nito. Pagkuwa'y naghanda na siya upang magtungo roon.

---

Nasa intensive care unit si Don Roberto Wala pa

rin itong malay. Mangiyak-ngiyak na hinaplos ni Toni ang ulo nito. Parang hindi bagay na nakaratay lang doon ang lolo niya—walang katinag-tinag, walang lakas.

Nakausap niya ang doktor at buhat dito ay napatotohanan niya ang sinabi sa kanya sa sulat.

“His prognosis is not that good. To be honest, we’d consider it a miracle if he ever comes out of coma,” matapat na hayag ng manggagamot. “Dapat ay ihanda mo na ang sarili mo.”

Nang umalis ito ay tuluyan nang napahagulhol ang dalaga. “Sa maniwala kayo’t sa hindi, di ko sinira ang pagtitiwala n’yo. Kung binigyan n’yo lang sana ako ng pagkakatao’y mapapatunayan ko ’yon sa inyo,” bulong niya habang nakatayo sa gilid ng kama ng matanda. “Gayunpaman, humihingi pa rin ako ng patawad sa anumang sama ng loob na naidulot ko sa inyo.”

Hindi siya puwedeng magtagal sa ICU. Matapos ang ilang minuto ay napilitan na siyang lumabas.

Sa pag-uwi niya ay pinadaan niya ang taxi sa gusaling pag-aari ng *Guerrero Construction* upang saglit na masdan ang matayog na structure. Parang tinatawag siya nito, hinihikayat na balikatin ang

*I'll Be There For You - Lira Bellafuentes*

---

responsibilidad na nababagay iatang sa kanya.

Papasyalan niya sa susunod na araw ang kompanya para alamin kung ano ang estado niyon ngayong nararatay sa karamdaman ang may-ari at pinuno nito, naipasya niya.

## 2

Nagsisimula pa lang magsidating ang mga kawani ng *Guerrero Construction* kinabukasan ay matagal nang nasa dati niyang opisina si Toni. Namukhaan siya ng pinuno ng security kaya madali siyang nakapasok sa gusali.

Abala siya sa pagbubuklat ng files ng proyektong nagsisimula pa lang mabuo nang siya ay umalis. At sa paglipas ng mga sandali ay dahan-dahang umiigting ang kanyang pagkabahala. Lahat halos ng narepaso niyang files ay may nakatatak na *Bidding Withdrawn*. Ang ibig sabihin, hindi na pinagpursigihang ituloy ni Don Roberto ang pagkuha sa proyekto.

Labis siyang nagtaka. Malalaki ang naturang mga proyekto at hindi basta-basta nagpapakawala ng gayon ang lolo niya. Inisa-isa niya ang mga papeles na nakapaloob sa files para alamin kung may mali ba siyang calculation na maaaring maging dahilan upang hindi maging makabuluhan sa kompanya na gawin ang proyekto.

Wala siyang makita. Sa halip, malaki pa mandin ang kikitain ng *Guerrero Construction*. Nang matapos sa nakasalansang folders ay nagtungo siya sa

kanugnog na opisina. Si Don Roberto ang karaniwang naroon ngunit ngayong may karamdaman ito ay walang tao roon.

Nasa dating lalagyan ang susi ng filing cabinet—na naglalaman ng mga aktibong proyekto ng kompanya—kaya madali niyang itong nabuksan. Lalo siyang nabagabag nang mamalas ang laman ng unang drawer. Dati-rati ay nag-uumapaw ito at nagsisiksikan ang folders ngunit ngayon ay kakalug-kalog ito. Isa-isa niyang siniyasat ang iba pang drawers at lahat ng mga ito ay pare-parehong wala halos kalaman-laman.

Pumili siya ng ilang folders at nirepaso ang mga papeles na naroon. Nagulat siya nang makita ang lagdang ‘David Sta. Angelo’ sa ilang mahahalagang dokumento, mga dokumentong karaniwan ay si Don Roberto ang pumipirma.

Sino si David Sta. Angelo? Kahit anong isip ni Toni ay wala siyang maalalang kamag-anak na gayon ang pangalan.

Kasalukuyan nang sumasakit ang ulo niya nang makaulinig ng mga yabag at kaluskos buhat sa labas ng opisina. Hindi pa niya naipapasya kung ihahayag na niya ang pagbabalik nang bumukas ang pinto ng silid.



Saglit lang natulala si Mrs. Peleo, ang executive secretary ni Don Roberto, bago ito tipid na ngumiti pagkakita sa dalagang nakaupo sa likod ng dati nitong mesa.

“K-kanina ka pa rito?” tanong nito.

“Medyo. Nagbabasa ako ng files ni Lolo,” tugon niya. “Mrs. Peleo, ano’ng nangyayari sa *Guerrero Construction*? Bakit mangilan-ngilan lang ang pumapasok na mga proyekto?”

Saglit na nag-atubili ito bago magsalita. “H-hindi pa nakakabawi ang kompanya sa negative publicity na nilikha ng mga paratang ni Mr. Campomanes.” Walang akusasyon sa himig ni Mrs. Peleo ngunit nakadama ng panliliit ang dalaga. Hindi pa pala humuhupa ang epekto ng eskandalong kinasangkutan niya.

“Kasinungalingan! Pawang kasinungalingan ang mga akusasyon ni Mr. Campomanes,” naibulalas niya. “Ilang ulit ko na ’yong sinabi pero walang gustong maniwala sa ’kin. Ni isang kusing ay hindi ako tumanggap ng suhol kanino man. Isa pa, magdadalawang taon na buhat nang mangyari iyon. Sa loob ng panahong iyon, dapat ay nakaangat na sa dating kinalalagyan ang *Guerrero Construction*. I mean, it’s a big company and it’s supposed to be able

to weather a big storm.”

Muli ay nag-atubili si Mrs. Peleo. “M-magmula nang umalis ka, h-hindi na rin kasing-agresibo nang dati si Don Roberto sa paghabol ng mga proyekto. Para ngang... para ngang tinabangan na siya sa pagpapatakbo ng kompanya. Tinapos lang niya ang commitments natin pagkatapos ay mangilan-ngilang proyekto na lang ang tinanggap niya. Kung di pa kay Mr. Sta. Angelo’y tuluyan nang lumubog ang *Guerrero Construction*,” pagkuwa’y pagtatapat nito.

“Sino ba ang Mr. Sta. Angelo na iyon at bakit siya ang pumipirma sa maseselang dokumento?” may paghahamong usisa niya.

“Nakaugnayan ito ni Don Roberto sa plano ng kompanyang pagbebenta ng construction equipments. Sa pagpupursige ni Mr. Sta. Angelo’y napilit niya si Don Roberto na tumanggap ng ilang proyektong mahalaga para sa kompanya. Ewan ko kung ano pa ang iba nilang napagkasunduan pero bago pa ma-stroke ang lolo mo’y malaki-laki na rin ang papel ni Mr. Sta. Angelo sa kompanyang ito. Nang biglaang maratay si Don Roberto’y nakakuha ito ng power of attorney kaya siya ngayon ang nagpapalakad ng kompanya.”

“Ano?” Napatayo sa matinding pagkagulat si

Toni. “Paano nangyari iyon? Mahigpit na tuntunin ni Lolo na malapit na kapamilya lang ang maaaring mamuno ng *Guerrero Construction*.”

“Alam ko ’yon pero walang ibang mapag-atangan ng gayong responsibilidad. Hindi kaya ni Lola Caridad at si Guillen nama’y di maabala sa ganyang mga alalahanin. Wala raw siyang kaalam-alam sa pagpapatakbo ng ganito kalaking kompanya kaya’t dagli siyang sumang-ayon sa mungkahi ni Mr. Sta. Angelo na pansamantala’y ito muna ang tumayong pinuno ng *Guerrero Construction*,” paliwanag nito.

Hindi siya makakibo na parang tinadyakan sa sikmura sa natamong balita.

Lumapit sa kanya ang sekretarya at hinawakan siya sa braso. “Maniwala ka, Toni, labis na nakakalito ang mga pangyayari nitong nakaraang mga araw. Lahat kami’y nagulat sa malubhang pagkakasakit ni Don Roberto’t para kaming mga ibong walang masulingan. Maraming proyektong mabibitin kaya gayon na lang ang pasasalamat namin nang malamang si David Sta. Angelo muna ang mamumuno ng *Guerrero Construction*,” anito.

“S-sino ba ang David Sta. Angelo na ’yon?” tanong niya.

“Ayon sa pagkakaalam ko, nagmamay-ari yata ang pamilya niya ng isang construction supplies company. Pero bago siya lumipat dito’y dati siyang mataas na opisyal ng isa ring malaking kompanya. Pero si Don Roberto ang mas nakakakilala sa kanya’t nakakaalam ng credentials niya. Para sa Lola Caridad mo’t kay Guillen, gayon na rin sa ’ming mga tiga-*Guerrero Construction*, sapat na ang pagtitiwalang ipinakita ni Don Roberto rito noong malakas pa siya para pagtiwalaan din siya ngayon.”

Parang nayanig ang kanyang mundo. Buong akala niya ay kailangan siya para magpatakbo ng kompanya. Iyon pala ay may iba nang inatangan ng saguting iyon. Gayunpaman, hindi yata siya makakapayag na basta na lang pabayaang sa iba ang pamamalakad ng *Guerrero Construction*. Kilalang-kilala niya si Don Roberto kaya alam niyang labag sa kalooban nitong hindi nila kadugo ang tatayong pinuno ng kompanya nito. Isa pa, pakiramdam niya ay malaki ang kanyang papel sa paglubog ng kompanya kaya dapat ay magkaroon din siya ng papel sa pagsasalba nito.

“Anong oras pumapasok ang Mr. Sta. Angelo na ’yon?” usisa niya.

“Walang regular na oras. Kapag may kailangan siyang gawi’y nagpupunta siya rito. Kung minsan

nama'y nasa construction site siya," paliwanag ni Mrs. Peleo.

"Kailangang magkausap kami," saad niya. Kailangan niyang personal na kilatisin ang lalaking iyon. Hindi siya dapat magkumpiyansa sa haka-haka ng iba. Lalo pa ngayon na pakiramdam niya ay siya na lang sa natitirang kaanak ng don ang may malasakit sa kompanyang minahal nito.

Ilang oras pa siyang nanatili sa opisina ni Don Roberto at habang hinihintay ang lalaking ibig niyang makaharap ay pinalipas niya ang oras sa pagrerepaso ng mahahalagang dokumento ng kompanya. Buhat sa mga iyon ay natuklasan niya ang di kanais-nais na katotohonan. Sa panlabas na anyo na lang ang katatagan ng *Guerrero Construction* ngunit kung susuriin ang financial state nito ay matutuklasang mabuway ito.

Naalala niya ang sinabi ni Mrs. Peleo na isa sa dahilan ng pagguho ng katatagan ng kompanya ay ang negatibong publisidad na nilikha ng eskandalong kinasangkutan niya. Iyon ang lalong nagpatimo sa pasya niyang manatili roon at ilagay sa ayos ang dating malakas na kompanya.

Nang hapon na at wala pa ang hinihintay na lalaki ay minabuti niyang sumaglit ulit sa ospital

para bisitahin si Don Roberto. Pagkagaling doon ay dumaan naman siya sa department store upang mamili ng ilang gamit. Hindi niya inaasahang magtatagal siya sa Maynila kaya kakaunti lang ang kagamitang dinala niya.

---

Mag-a-alas siete na nang matapos sa pamimili si Toni. Gayunpaman, ipinasya niyang bumalik muli sa opisina ng *Guerrero Construction*. Ayaw pa niyang bumalik sa apartment ni Angie kaya mas mabuting gamitin niya ang oras para ituloy ang ginagawa kanina.

Gaya ng inaasahan, wala nang tao sa opisina nang dumating siya. Malaya at tahimik niyang napag-aralan ang files ng proyekto, pati na financial statements ng kompanya.

Nakakapagod ang ginagawa niya, lalo pa at hindi maganda ang larawang ibinibigay sa kanya ng mga binabasa niya. Matapos siyang gumawa ng mahabang calculation sa kanyang calculator ay pagal niyang naisandal ang katawan sa upuan at ipinikit ang mga mata upang ipahinga ang mga ito.

Tandang-tanda niya, noong dalagita pa siya ay madalas siyang maupo sa silyang iyon ng kanyang

lolo. Nagkukunwari siyang siya ang namamahala sa kompanya.

“That’s right. Get the feel of it. All this will be yours someday if you want it,” madalas sabihin ni Don Roberto sa mga pagkakataong ganoon. Malimit ay ginagawaran siya nito ng masuyong halik sa pisngi.

Gustong maiyak ni Toni sa pagmumuni-muni niyang iyon; parang mas nanariwa sa kanya ang masasayang alaala ng nakalipas.

Sabay na namatay ang mga magulang niya at mga magulang ni Guillen nang bumagsak ang eroplanong sinasakyan ng mga ito. Dahil sa nangyari, naiwan silang magpinsan sa pangangalaga nina Don Roberto at Lola Caridad. Mas pinapaboran ni Lola Caridad si Guillen, palibhasa’y pareho ang pagkahilig nila sa mga sosyalan, samantalang siya ay mas napalapit sa abuelo.

Ang lolo niya ang dahilan kung bakit napaibig siya sa paggawa ng kung anu-anong mga bagay. Ito rin ang dahilan kung bakit pag-iinhinyero ang napili niyang pag-aralan sa kolehiyo.

Habang nag-iisip ay bahagya niyang pinapaikot ang kinauupuang silya hanggang sa nakatalikod na siya sa kabuuan ng silid.

*I'll Be There For You - Lira Bellafuentes*

---

Napakislót siya nang rumehistro sa naglalakbay na diwa ang tunog ng pintong marahang ipininid. Umakma siyang pipihit upang alamin kung sino ang pumasok sa kuwarto ngunit bago magawa iyon ay may nag-ikot na ng kanyang silya. Kasunod nito ang mahigpit na paghapit sa katawan niya at pagsayad ng mapusok na labi sa kanyang bibig.



# 3

Hindi makapaniwala si Toni sa unang reaksyon ng kanyang katawan. Kung dapat ay magpapalag siya, kataka-takang parang ibig pa niyang tumagal ang mainit na tagpong iyon. Para siyang nilulunod sa nakakaliyong sensasyon ng mga labing halatang bihasa sa panghahalik. Parang kung ilang boltaheng kuryente ang nagawa nitong padaluyin sa kanyang mga kalamnan sa pamamagitan ng masusing pagsimsim at pananaliksik sa kalambutan ng kanyang bibig.

Isang mapangahas na kamay ang sumapo sa kanyang dibdib at iyon ang naging dahilan upang balikan siya ng huwiso. Sino ba ang lalaking ito at bakit tiyak na tiyak ito sa mga kilos?

Marahas niya itong itinulak, sabay dakma sa telepono upang pindutin ang numero ng guard.

“You’re not Guillen!” bulalas ng lalaki nang mapagmasdan siya.

Natigil ang kamay ni Toni na handa na sanang pumindot sa telepono. “You’re damn right I’m not Guillen. What made you think I was?” galit niyang

tanong.

“You certainly look like her. At least, at first glance,” anang lalaki. “Although she’s softer and more feminine than you are.”

Natigilan siya. Noon niya naalalang madalas nga pala silang maipagpalit ni Guillen. Magkapatid ang kanilang mga ina at halos sabay nang manganak ang mga ito. Ang mas kakatwa pa, mula nang sanggol sila ay malaki na ang pagkakahawig nila sa isa’t isa. Hindi niya masisisi ang lalaki kung akalain nitong siya nga si Guillen.

“If you’re not her, then I can guess who you are,” narinig niyang sabi nito. “You must be Toni, the proverbial prodigal daughter. I’m David Sta. Angelo. You can call me ‘Dave.’”

Napatitig siya sa lalaki nang marinig ang pagpapakilala nito. Sa wakas, nakita na niya nang personal ang taong madalas niyang marinig ang pangalan. “If I have my way, I don’t want to call you anything at all,” naniningkit ang mga matang sabi niya. Base sa ikinilos at mga pinagsasabi nito, nahuhulaan na niyang may ugnayan ito sa pinsan.

“Why? I made a simple mistake. Akala ko’y ikaw si Guillen. Although I was a bit surprised and

wondered why she set foot in this office,” parang walang anumang sabi nito.

“I wasn’t referring to the kiss,” pakli niya.

Isang nakakalokong ngiti ang namutawi sa mga labi nito. “Do I take it that you enjoyed the moment, then?”

“Of course not!” maanghang na sagot niya

Noon pa lang ay nakakabuo na siya ng impresyon sa kaharap. At di niya naiibigan ang impresyong iyon. “Kung si Guillen ay nakuha mong paikutin sa mga daliri mo, ibahin mo ako, Mr. Sta. Angelo. I came back to fulfill my duty to run this company while my grandfather is ill so I guess we won’t be needing you to act as president of *Guerrero Construction*.”

“Ah, alam ko na ngayon kung ano’ng ipinagpuputok ng butse mo. Ang pagtayo kong pinuno ng *Guerrero Construction*.”

“You have no right to head this company! I don’t know how you did it and what you intend to do but—”

“Hold your horses! Masyado ka yatang nagiging padalus-dalos sa panghuhusga mo gayong ni hindi mo pa ’ko lubos na nakikilala,” pigil nito sa paratang

niya.

“I don’t have to know you well to be able to tell I can’t trust you. At tungkol sa power of attorney na pinaghahawakan mo, ituring mo na ’yong walang katuturan dahil nandito na ’ko,” palaban na hayag niya.

“There you go again, making conclusions without knowing all the details. That power of attorney is as binding as can be. Ipinagkaloob ’yon sa ’kin ni Guillen at ni Lola Caridad, sila na may kapangyarihan sa kompanya nang mga sandaling iyon. That and the fact that I enjoyed Don Roberto’s confidence even before he got ill. Siguro’y dahil ako lang ang nagpakita ng pagmamalasakit sa negosyo.” Banaag ang panunumbat sa himig nito.

“At sino ngayon ang nanghuhusga?” hamon niya. “Hindi mo alam ang buong kuwento kaya wala kang karapatang—”

“Hey, I’m not here to judge you. Whatever you did, I guess you were old enough to understand the consequences. Isa ito sa consequences na ’yon. Through your cousin and grandmother’s shares in this company, I hold a part of *Guerrero Construction*. Alam kong one-fourth na bahagi ng stocks ang ibinahagi sa ’yo ni Don Roberto so that makes us even. Have it

your way. Puwede tayong mag-away at magbanggaan sa bawat aspeto ng pamamalakad ng kompanya o puwede rin tayong magkasundo. After all, we both want the same thing.”

“At ano ’yon?”

“Why, to turn things around for *Guerrero Construction*, of course. Pareho nating layong gawing malusog ulit ang kompanya. Do we understand each other?”

“Okay, I guess we both want the same thing,” pagbibigay niya. “Temporarily, I can live with the thought of sharing the decision-making with you. But let me make this clear, I intend to exercise my right so don’t you dare make decisions without consulting me.”

“Oh, I won’t dare. I’m far too scared of you,” sabi ni Dave ngunit isang tingin lang sa mukha nito ay matitiyak na wala ni katiting na katotohanan ang inihayag nito.

Kahit naiinis sa kaharap ay di maalis-alis ni Toni ang tingin dito. *He’s the stuff romance heroes are made of*, sa loob-loob niya habang minamasdan ang maskuladong katawan nito, ang matikas na tindig at ang matigas na tabas ng mukha.

“Sorry, I can’t stay and chat. Bumalik lang ako para kunin ang mga ’to.” Hindi naman nito inalintana ang pagtitig ng dalaga rito. Walang anumang hinugot nito ang mga papeles na pinag-aaralan niya at isinilid ang mga iyon sa briefcase. “Now, I have to go. I have an appointment.”

“With Guillen?” Hindi niya napigilan ang bibig. Hindi rin niya mawari kung bakit nadidismaya siyang isipin na may kaugnayan ang kanyang pinsan sa lalaki.

Sumilay na naman ang nakakalokong ngiti sa labi nito. “Sorry, I don’t kiss and tell,” anito. Pagkuwa’y tumalikod na ito at lumabas ng silid.

Ilang sandaling nanatiling nakatitig sa pintuan si Toni nang makaalis na si Dave. Hindi niya alam kung may katotohanan ang sinabi nito na gaya niya, layon nitong gawing isang matatag na kompanya muli ang *Guerrero Construction*. Kung taos sa puso ang tinuran nito ay magkakasundo sila.

Sa sandaling matuklasan niyang ang plano nito ay i-liquidate ang mga ari-arian at ibang assets ng kompanya para ipantustos sa luho nila ni Guillen ay maghahalo ang balat sa tinalupan, nagngingitngit niyang sabi sa sarili. Hinding-hindi siya papayag na ang kompanyang pinagpaguran ng mahal niyang lolo

ay masalaula lamang.

Kung magkakagayon, noon pa lang ay natitiyak na niyang magiging madugo ang pagsasagupa nila ni David Sta. Angelo. Hindi lang dahil halatang mahirap itong paglalangan kundi may taglay itong kakaibang karisma na mahihirapan yata siyang salubungin.

---

“Ano ang nalalaman mo kay David Sta. Angelo?” tanong ni Toni sa kaibigan nang gabing iyon nang naghahapunan na sila.

“Not much. Hindi siya kasing-popular ng mga Guerrero kung antas sa alta-sosyedad ang pag-uusapan. Bakit?” naiintrigang usisa naman ni Angie.

Bantulot niyang isinalaysay ang papel ng lalaki sa kompanya.

“So it’s true. Akala ko naman ay bali-balita lang na siya ang tumatayong pangulo ng *Guerrero Construction*,” sabi nito.

“Lumaki akong naririnig buhat kay Lolo na gusto niya’y manatiling isang Guerrero ang magpatakbo ng kompanya. Kaya hindi ako makapaniwalang taos sa puso niyang pagkakatiwalaan ang David Sta. Angelo

na 'yon para akuin ang ganoong responsibilidad. Unless....” Natigilan si Toni nang maisip na baka naman may malalim na unawaan na sina Dave at Guillen kaya gayon na lang ang kumpiyansa ng lalaki na may karapatan ito sa kompanya.

“Sila ba ni Guillen?” tanong niya, iniba ang paksa. Mula nang mamalagi siya sa Cebu ay iniwasan na niyang magbasa ng society pages dahil ayaw niyang makabalita tungkol sa pinsan; ito lang naman sa mga Guerrero ang malimit na mapunta sa mga pahinang iyon.

“They were featured a few times as a couple but I don’t think it’s that serious yet,” ani Angie. “I mean, they don’t seem to be engaged or anything. But then, what do I know?”

“Kaya pala malakas ang loob niya,” mahina ang tinig na sabi ni Toni, parang sarili nga lang niya ang kinakausap. “Siguro’y nagkakaigihan na sila ni Guillen kaya gayon na lang ang pagtitiwalang ipinakikita sa kanya ng lahat ng may kaugnayan sa *Guerrero Construction*.”

Hindi niya maintindihan kung bakit ngunit may kapaklaang hatid sa kanya ang ideyang pag-aari na ni Guillen ang puso ng lalaki.